# Enero 2026
# Espesyal na Halalan


# Pamplet para sa mga Botante ng Washington County sa Wikang Tagalog

# Washington County
## Pamplet para samga Botante

**Dibisyon ng mga Halalan**
**2925 NE Aloclek Dr #170**
**Hillsboro, OR 97124-7523**

www.washcovotes.org

## ESPESYAL NA HALALAN
## Enero 13, 2026




### Lupon ng mga Komisyonado ng Washington County (Washington County Board of County Commissioners)

Kathryn Harrington, Chair
Nafisa Fai, District 1
Pam Treece, District 2
Jason Snider, District 3
Jerry Willey, District 4

**PAUNAWA**

Ito ang pamplet para sa mga botante ng iyong county. Iniimprenta ng Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections) ang impormasyon gaya ng naisumite. Hindi namin itinatama ang pagbaybay ng salita, bantas, gramatika, sintaks, mga mali o hindi tumpak na impormasyon. Ang pamplet na ito ay naglalaman ng impormasyon para sa ilang distrito at maaaring may mga kandidato/panukalang-batas na hindi kasama sa iyong balota. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, tumawag sa 503-846-5800.

# Impormasyon sa Rehistrasyon ng Botante

## Pagrehistro para Makaboto

Kwalipikado kang mag-rehistro para makaboto sa Oregon kung masasagot mo ng oo ang mga sumusunod na tanong:

- ✓ Ikaw ba ay residente ng Oregon?
- ✓ Ikaw ba ay isang mamamayan ng US?
- ✓ Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang?

*Kung ikaw ay 16 na taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.*

## Paano magparehistro

Maaari kang magparehistro online para makaboto sa oregonvotes.gov o kumuha ng kard ng rehistrasyon ng botante sa alinman sa mga sumusunod na lugar:

- Anumang Tanggapan para sa Halalang Pang-county
- Tanggapan ng Kalihim ng Estado
- Ilang ahensya ng estado tulad ng Serbisyo para sa Drayber at Demotor na Sasakyan
- Isang kampanya para sa rehistrasyon ng botante
- Ilang lokasyon ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (US Postal Service)
- Mga Aklatan

Pagkatapos kumpletuhin ang iyong kard ng rehistrasyon, ipadala sa koreo o dalhin ito nang personal sa aming tanggapan.
Ang huling araw para sa mga bagong rehistrasyon at pagbabago ng partido ay 21 araw bago ang Araw ng Halalan.

## Anong impormasyon ang kailangan para mag-rehistro?

Upang makumpleto ang iyong rehistrasyon, kailangan mong ibigay ang iyong:

- Buong legal na pangalan
- Tirahan (address)
- Address para sa koreo (kung naaangkop)
- Petsa ng kapanganakan
- Lagda
- Numero ng Lisensya sa Pagmamaneho sa Oregon, numero ng Kard ng Pagkakakilanlan o numero ng Social Security

## Rehistrado ba ako para makaboto?

Maaari mo nang tingnan ang iyong rehistrasyon online: www.oregonvotes.gov

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon
TUMAWAG SA 1-866-ORE-VOTE/673-8683
PUMUNTA SA www.oregonvotes.gov
TTY 1-800-735-2900 para sa mga may kapansanan sa pandinig




## Balota para sa Pagboto nang Nakaliban

## I-update ang iyong rehistrasyon kung wala ka sa bahay

Hindi ipadadala ng post office ang iyong balota.

Maaari kang humiling ng balota para sa pagboto nang nakaliban kung hindi ka uuwi sa panahon ng halalan. Ipadadala ang balota sa alternatibong address na iyong ibibigay.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon

**TUMAWAG SA**

1-866-ORE-VOTE/673-8683

**PUMUNTA SA**

www.oregonvotes.gov


**TTY:**

1-800-735-2900
para sa mga may
kapansanan sa pandinig


**Oregon Secretary *of* State**
Elections Division

## Kumpletuhin ang iyong balota

Maingat na basahin at sundin ang lahat ng tagubilin na nakalathala sa iyong balota.




Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili. Hindi mo kailangang botohan ang lahat ng labanan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.






Para sa pagsama ng pangalan ng isang kandidato:
- Malinaw na i-print ang pangalan ng kandidato sa blangkong linya na nakalagay sa balota

**-at-**

- Punan ang bilog sa tabi ng pangalan na isinama mo

## Suriin kung may mga mali







Kung bumoto ka nang mahigit sa isang opsyon, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa kandidato o panukalang-batas na iyon.

## Suriing mabuti ang iyong balota

Makipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections) sa **(503) 846-5800** o sa **elections@washingtoncountyor.gov** para humiling ng pamalit na balota kung:

- nagkamali ka
- nawala mo ang iyong balota
- nasira o namarkahan nang hindi tama ang iyong balota
- o sa anumang iba pang dahilan

Hindi mo maaaring baguhin ang iyong boto pagkatapos mong ibalik ang iyong balota.




## ANG BALOTA SA ALTERNATIBONG FORMAT

ay isang tool sa pagboto na nagpapahintulot sa mga botanteng may kapansanan na bumoto nang pribado at independiyente.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa Balota sa Alternatibong Format, makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalang Pang-County ng Washington (Washington County Elections Division) sa 503-846-5800 o puntahan ang aming website sa

**www.washcovotes.org**

### Labag sa batas ang:

- lagdaan ang sobre para sa pagbalik ng balota ng ibang tao para sa kanila
- bumoto ng higit sa isang beses sa isang halalan o magsumite ng dinayang balota
- magsumite ng balota kung hindi ka legal na kwalipikadong gawin ito
- mamilit, manggigipit o kung hindi man ay labis na impluwensiyahan ang ibang botante
- magbenta, mag-alok na magbenta, bumili, o mag-alok na bumili ng balota ng ibang botante
- hadlangan ang pasukan ng isang gusali kung saan matatagpuan ang booth ng pagboto o opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- sirain ang anyo, alisin, baguhin, o wasakin ang balota ng ibang botante, isang nakapaskil na paunawa tungkol sa halalan, o mga kagamitan o suplay para sa halalan
- subukang mangolekta ng mga hinulog na balota sa loob ng 100 talampakan mula sa isang opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- magtatag ng isang lugar ng drop box nang walang ipinakikitang karatula na nagsasabing “Not An Official Ballot Drop site” (Hindi Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota)

Ang anumang paglabag sa mga natukoy na mga batas na panghalalan ay sumasailalim sa mga parusa mula sa mga Parusang Sibil (Hanggang $250 bawat Paglabag), Class A na mga Maliliit na Krimen, o Class C na mga Mabibigat na Krimen.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon o kung sa tingin mo ay nalabag ang iyong mga karapatan bilang isang botante:
oregonvotes.gov

**1 866 673 VOTE / 1 866 673 8683** se habla español
**1 800 735 2900** *para sa mga may kapansanan sa pandinig*

**Nakalimbag ang mga pahayag tungkol sa kandidato at pahayag ukol sa panukalang-batas tulad ng naisumite**

Hindi sinusuri ng Washington County ang impormasyong isinumite ng mga kandidato at taga-file ng pahayag ukol sa panukalang-batas. Hindi iwinawasto ang hindi tumpak o maling impormasyon.

# Mga Opisyal na Drop Box ng Balota ng Washington County

**Ibalik ang iyong may botong balota sa isang opisyal na drop box bago mag-8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.**

Ang lahat ng opisyal na mga drop box na nakalista sa ibaba ay bukas 24 na oras sa isang araw hanggang sa deadline na 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

**HILLSBORO**
**Halalang Pang-county ng Washington**
**(Washington County Elections)**
2923 NE Aloclek Dr, Ste 170
Hillsboro, OR 97124

**SHERWOOD**
**Munisipyo ng Sherwood (Sherwood City Hall)**
22560 SW Pine St,
Sherwood, OR 97140




washcovotes.org

# Panukalang-Batas 34-347
## Lungsod ng Sherwood (City of Sherwood)

Aamyendahan ang Karta: Itinataguyod ang Paglahok ng Mamamayan sa mga Desisyon Tungkol sa Paggamit ng Lupa

### TANONG:

Dapat bang amyendahan ang Karta ng Sherwood na kumikilala sa mga umiiral na kinakailangan hinggil sa pagpupulong ng komunidad, pampublikong pagdinig, at mga abiso para sa ilang aplikasyon sa paggamit ng lupa?

### BUOD:

Ang pagboto ng Yes (Oo) ay mag-aamyenda sa Karta ng Lungsod na nagtatalaga sa Sherwood para sa paglahok ng mamamayan sa mga desisyon tungkol sa paggamit ng lupa, na naaayon sa ika-1 Layunin hinggil sa Paggamit ng Lupa sa Buong Estado. Inaatasan nito ang Konseho ng Lungsod na magtatag ng mga ordinansang titiyak sa pagiging transparent at makabuluhan ng paglahok ng publiko sa buong proseso ng paggamit ng lupa, kabilang ang pag-abiso, mga pagdinig, at mga pag-apela. Ang mga pamamaraang ito, na nakaugat sa awtoridad ng pansariling pamamahala ng lungsod, ay hindi maaaring pangunahan ng mga batas ng estado na naglilimita sa pampublikong pakikibahagi. Kabilang sa mga pangunahing kinakailangan ang: Walang aplikasyon sa paggamit ng lupa para sa Type III o mas mataas pa ang maaaring pagpasyahan nang walang kahit isang naabisuhang pagpupulong ng komunidad at isang pampublikong pagdinig sa harap ng Konseho ng Lungsod o ng itinalagang lupon. Ang mga apela ay nangangailangan ng pampublikong pagdinig batay sa mga pamamaraan na itinakda ng ordinansa. Para sa Type II o mas mataas pang mga aplikasyon, ang abisong ipadadala sa koreo ay kailangang maipadala nang mas maaga sa lahat ng may-ari ng ari-ariang nasa loob ng 1,000 talampakan ng nasabing ari-arian, gamit ang mga pag-uuri at palatuntunan na itinakda sa ordinansa. Maaari ding iatas ang mga karagdagang pamamaraan, tulad ng mga inilathala o elektronikong abiso. Ang pag-amyendang ito ay walang natukoy na direktang epekto sa pananalapi at hindi babaguhin ang kasalukuyang mga pamamaraan ng pagproseso ng Lungsod sa paggamit ng lupa.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

Inaamyendahan ng panukalang-batas na ito ang Karta ng Lungsod ng Sherwood upang palakasin ang paglahok ng publiko sa mga desisyon tungkol sa paggamit ng lupa. Tinitiyak nito na may boses ang mga mamamayan ng Sherwood sa pamamagitan ng pag-obliga ng kahit isang pagpupulong ng komunidad at isang pampublikong pagdinig bago magpasya ang Konseho ng Lungsod o ng itinalagang lupon nito hinggil sa mga pangunahing aplikasyon sa paggamit ng lupa (Type III o mas mataas pa, gaya ng tinukoy sa ordinansa ng lungsod). Para sa makabuluhang mga aplikasyon sa paggamit ng lupa (Type II o mas mataas pa), kailangang

magpadala ang Lungsod ng mga abiso sa pamamagitan ng koreo sa mga may-ari ng ari-arian na nasa loob ng 1,000 talampakan ng lugar ng proyekto, alinsunod sa mga palatuntunan na itinakda sa ordinansa ng lungsod. Maaari ding gamitin ang iba pang mga paraan ng pag-abiso, tulad ng mga paglalathala online o sa pahayagan. Ang panukalang-batas na ito ay naaayon sa layunin ng Oregon na isali ang mga mamamayan sa pagpaplano ng paggamit ng lupa at pinoprotektahan ang karapatan ng Sherwood na panatilihin ang mga prosesong ito sa kabila ng mga batas ng estado na maaaring maglimita sa pampublikong opinyon. Hindi nito binabago ang kasalukuyang mga pamamaraan ng lungsod o wala itong direktang epekto sa pananalapi.

Aamyendahan ang Karta para ipahayag ang:

Seksyon 49. - Paglahok ng Mamamayan sa mga Desisyon Tungkol sa Paggamit ng Lupa

"Bilang isang lungsod na mula sa mga tao, pinamamamahalaan ng mga tao, at para sa mga tao, ang Sherwood ay nakatuon upang pakinggan ang mga tao. Ipinauubaya sa Sherwood na tiyakin ang paglahok ng mamamayan sa mga desisyon tungkol sa paggamit ng lupa, gaya ng iniaatas sa ika-1 Layunin hinggil sa Paggamit ng Lupa sa Buong Estado. Magtatatag ang Konseho ng Lungsod, sa pamamagitan ng ordinansa, ng mga pamamaraan upang matiyak ang pagiging transparent at makabuluhan ng paglahok ng publiko sa lahat ng yugto ng proseso ng paggamit ng lupa, kabilang ang pag-abiso, mga pagdinig, at mga pag-apela. Ang mga pamamaraang ito ay kaakibat ng uri ng pamamahala ng Sherwood at nakaugat sa awtoridad ng pansariling pamamahala ng Sherwood. Ang mga pamamaraang ito ay hindi maaaring pangunahan ng mga batas ng estado na naglilimita sa pampublikong pakikibahagi at kabilang dito ang:

Walang aplikasyon sa paggamit ng lupa para sa Type III o mas mataas pa, ayon sa tinukoy ng pinagtibay na ordinansa ng lungsod, na maaaring pagpasyahan nang walang kahit isang nararapat na naabisuhang pagpupulong ng komunidad at isang pampublikong pagdinig sa harap ng Konseho ng Lungsod o ng itinalagang lupon nito para sa pagpapasya. Magkakaroon din ng pampublikong pagdinig bago pagpasyahan ang anumang apela, gamit ang mga pamamaraang itinakda sa ordinansa; at

Ang mga abisong ipadadala sa koreo nang maaga bago ang mga pagpupulong ng komunidad at pampublikong pagdinig, ay kailangang maipadala sa lahat ng may-ari ng ari-ariang nasa loob ng 1,000 talampakan ng nasabing ari-arian para sa lahat ng Type II o mas mataas pa na mga aplikasyon, gamit ang mga pag-uuri at palatuntunan na itinakda sa ordinansa. Maaari ding kailanganin ang mga karagdagang pamamaraan ng pag-abiso, tulad ng mga inilathala o elektronikong abiso.”

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Silvia Murphy, City Recorder/Opisyal ng Halalan*

# Panukalang-Batas 34-348
## Lungsod ng Sherwood (City of Sherwood)

Aamyendahan ang Karta: Itinatatag ang Kapangyarihan ng Lungsod para sa mga Desisyon Hinggil sa Pagdaragdag ng Teritoryo

### TANONG:

Dapat bang amyendahan ang Karta ng Sherwood na magbibigay sa Sherwood ng eksklusibong awtoridad sa mga desisyon hinggil sa pagdaragdag ng teritoryo, na hiwalay sa mga batas ng estado na nagbabago sa naturang awtoridad?

### BUOD:

Ang pagboto ng Yes (Oo) ay mag-aamyenda sa Karta ng Lungsod para gumawa ng dalawang pagbabago sa Seksyon 3. - Mga Hangganan na may kaugnayan sa pagdaragdag ng teritoryo. Una, ang pag-amyendang ito ay magdaragdag ng wika para linawin na ang pagdaragdag ng teritoryo na inaprubahan ng botante ay kinakailangan sa lahat ng kaso, maliban sa pagkontrol ng panganib sa kalusugan. Pangalawa, idinedeklara sa pag-amyendang ito na ang mga pamamaraang umuugit sa pagsusuri ng mga kahilingan sa pagdaragdag ng teritoryo, yaong mga pagdinig, pag-abiso, kasunduan sa pagdaragdag ng teritoryo, ay mga mahahalagang bahagi ng pamamahalang bukas at demokratiko sa loob ng Lungsod. Ang pag-amyendang ito ay nagbibigay sa Lungsod ng eksklusibong awtoridad na suriin, aprubahan, o tanggihan ang mga kahilingan sa pagdaragdag ng teritoryo na napapailalim sa mga pamamaraan at pamantayan na pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Sherwood (Sherwood City Council) sa pamamagitan ng ordinansa. Ang mga pamamaraang ito ay hindi maaaring pangunahan ng mga batas ng estado na nagbabago o naghihigpit sa awtoridad ng Lungsod sa pagdaragdag ng teritoryo. Tinitiyak ng pag-amyenda ang lokal na kontrol sa mga desisyon sa pagdaragdag ng teritoryo at kinukumpirma ang awtoridad ng pansariling pamamahala. Walang natukoy na direktang epekto sa pananalapi.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

Ang panukalang-batas na ito ay nag-aamyenda sa Karta ng Lungsod ng Sherwood para kumpirmahin ang kontrol ng Lungsod sa mga desisyon tungkol sa pagpapalawak ng mga hangganan nito sa pamamagitan ng mga pagdaragdag ng teritoryo. Idinedeklara nito na ang pagpapasya kung aling mga lugar ang magiging bahagi ng Sherwood ay isang pangunahing bahagi ng pamamahala (uri ng pamamahala) ng Lungsod. Ang Konseho ng Lungsod ay magtatakda ng mga patakaran para sa pag-apruba o pagtanggi sa mga kahilingan sa pagdaragdag ng teritoryo, at ang mga patakarang ito ay hindi maaaring mapawalang-bisa ng mga batas ng estado na nagtatangkang limitahan o baguhin ang awtoridad ng Lungsod. Tinitiyak ng panukalang-batas na ito na mapananatili ng Sherwood ang lokal na kontrol sa pag-unlad at mga hangganan nito. Pinalalakas din nito ang awtoridad ng pansariling

pamamahala ng Sherwood sa ilalim ng Konstitusyon ng Oregon. Walang inaasahang direktang epekto sa pananalapi.

Aamyendahan ang Karta para ipahayag ang:

Seksyon 3. - Mga Hangganan.

"Sakop ng lungsod ang lahat ng teritoryo sa loob ng mga hangganan nito ayon sa kung paano kasalukuyang umiiral ang mga ito o legal na binago. Maliban kung kinakailangan sa isang emerhensiya sa kalusugang pampubliko gaya ng tinukoy sa ORS 222.850 at ORS 222.855, ang mga pagdaragdag sa teritoryo ay maaari lamang magkabisa sa pag-apruba ng mga botante ng lungsod. Pananatilihin ng city recorder bilang pampublikong rekord ang isang tumpak at pinakabagong paglalarawan ng mga hangganan.

Ang pagtukoy sa mga hangganan ng hurisdiksyon ng lungsod ay idineklarang isang usaping kaakibat ng uri ng pamamahala nito. Ang Lungsod ay mayroong eksklusibong awtoridad na suriin, aprubahan, o tanggihan ang mga kahilingan sa pagdaragdag ng teritoryo na napapailalim sa mga pamamaraan at pamantayan na pinagtibay sa ordinansa ng Konseho ng Lungsod. Ang mga pamamaraang ito ay hindi maaaring pangunahan ng mga batas ng estado na nagbabago o nagtatanggal sa awtoridad na ito."

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Silvia Murphy, City Recorder/Opisyal ng Halalan*